Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**

Setyembre 8, 2023

Para sa: Katuwang ng Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Puno ng mga Sekondarya
EPS -I Araling Panlipunan
at sa iba pang Kinauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) ay maglulunsad ng Gabi ng Parangal ng 5th SINEliksik Bulacan Docufest kaugnay ng pagdiriwang ng Singkaban Festival.

Kaugnay ng mahalagang gawain ito ay dadalo ang mga guro at mag-aaraln mulsa Carlos F. Gonzales High School at Pulong Buhangin NHS na kalahok sa docufest sa mga sumusunod gawain at petsa:

- PREMIER SHOWING sa Ika – 11 ng Setyembre, 2023 ganap na 7:00 ng umaga sa Nicanor Abelardo Auditorium; 10 kalakok sa Carlos F. Gonzales HS at 10 kalahok sa Pulong Buhangin NHS (Punungguro, Guro at Mag-aaral)
- GABI NG PARANGAL sa ika 12 ng Setyembre, 2023 ganap na 5:00 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center: 7 kalahok sa Carlos F. Gonzales NHS at 7 kalahok sa Pulong Buhangin NHS

Inaasahan na ang mga gawain ng napiling guro sa bawat paaralan habang nasa gawaing ito ay maayos na naiplano ng mga namamahala sa paaralan.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng bawat dadalo.

Kalakip ng sulat na ito ang sulat paanyaya na nagmula sa Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
No. 100 s. 2023

Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph*

PHACTO RELEASED
DATE: 09-06-23
CONTROL NO.: 023-533



RECEIVED SEP 07 2023
DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
SEP 07 2023
By: Ew8:24
Ctrl No.

6 Setyembre 2023

**DR. NORMA P. ESTEBAN, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
DepEd – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Doktor Esteban:**

PAKSA: Paanyaya para sa Gabi ng Parangal ng 5th SINEliksik Bulacan DocuFest

Pagbati sa ngalan ng kasaysayan, sining, kultura at turismo ng Bulacan!

Noong Pebrero 2023 ay inilunsad ang 5th SINEliksik Bulacan DocuFest na magtatanghal sa pakikibaka ng mga Bulakenyo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig na may temang "Pagsubok at Pagtindig noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig". Ito ay upang kilalanin ang ginawang pagtindig ng mga Bulakenyo sa gitna ng pagkawala ng buhay, pagkawasak ng mga istruktura at maging ng dangal na hatid ng pananakop ng mga Hapones at ng naganap na digmaan, at ang iba't ibang mukha ng yugtong ito ng ating kasaysayan.

Bilang aming katuwang sa pagtataguyod ng kasaysayan at pamana kami po ay lubos na nagpapasalamat sa inyong paglahok sa programang ito. Kaugnay nito, magalang po naming hinihiling na maanyayahan ang mga guro at mag-aaral mula sa Carlos F. Gonzales High School at Pulong Buhangin National High School na kalahok sa docufest sa mga sumusunod:

**PREMIERE SHOWING**
11 Setyembre 2023/ 1:00 n.u. (20 katao)
Nicanor Abelardo Auditorium

**GABI NG PARANGAL**
12 Setyembre 2023/ 5:00 n.h. (15 katao)
The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center

Karangalan din po naming kayo ay anyayahan kasama ang inyong AP Supervisor na si **DR. VIRGILIO L. LAGGUI at ang tampok sa kanilang documentary film na bayani ng WW II o kaanak nito** upang samahan ang inyong mga lahok sa **Gabi ng Parangal** ng **5th SINEliksik Bulacan DocuFest sa 12 Setyembre 2023, ganap na ika-5:00 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Lungsod ng Malolos, Bulacan.** Ipinababatid po na ang kasuotan para sa nabanggit na gawain ay *barong/filipiniana.*

Lubos po kaming umaasa sa inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya. Makikipag-ugnayan po sa inyo si Gng. Richie N. Quinay o maaari n'yo siyang makaugnay sa telepono bilang 09666354621para po sa ilang paglilinaw at katanungan.

Maraming salamat po.

Sumasainyo,

**ELISEO S. DELA CRUZ, PhD**
Pinuno ng Tanggapan

H&H/zbt/SINEliksikBulacanDocuFest/2023/Awarding/Letter to DepEd (AP Supervisors)